LUNGSOD NG CALAMBA 1742 LAGUNA 2001

CALAMBALITA

Vol. 2 No. 017 November 23, 2018 Bilang 21

# CALAMBA, SGLG AWARDEE ULI!



Seal of Good Local Governance

PAGKILALA SA KATAPATAN AT KAHUSAYAN NG PAMAHALAANG LOKAL

| | | |
|---|---|---|
| | 17 | Science City of Muñoz |
| IV-A | | Calamba City |
| | 19 | City of Bacoor |
| | 20 | City of Biñan |






Muling kinilala bilang Seal of Good Local Governance (SGLG) Awardee sa ikalawang sunod na taon ang Lungsod ng Calamba. Tinanggap nina Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco, Vice Mayor Roseller "Ross" H. Rizal, City Administrator Allan Zacarias at City DILG Director Lenie Bautista ang naturang pagkilala sa isang Awards Ceremony na ginanap sa Tent City, Manila Hotel noong 7 Nobyembre 2018. Tinaguriang "Mother of All Awards", tinatasa ng SGLG ang kalidad ng serbisyo publikong ipinagkakaloob ng mga lokal na pamahalaan sa buong Pilipinas gamit ang pitong (7) assessment areas. Sa tinatayang 1,682 probinsya, lungsod at bayan sa buong Pilipinas, kabilang ang Calamba sa natatanging 263 na mga local government units (LGUs) na nakapasa sa masusing pagsusuri ng DILG, patunay lamang ito sa patuloy na pag-angat ng antas ng serbisyo publikong ipinagkakaloob ng Calamba sa kanyang mga mamamayan.

"Isang karangalan ang kilalanin bilang SGLG Awardee," ani Mayor Timmy, "ngunit hindi naman tayo nagtatrabaho para lamang kilalanin. Ginagampanan natin ang ating tungkulin sa ating mga kababayan at nagsusumikap na mahigitan pa ang mga ito sa pamamagitan ng mga innovative programs at proyektong kapakipakinabang sa mga Calambeño. Ang mga pagkilalang tulad nito ay nagsisilbing hamon at inspirasyon pa sa atin upang mas maimprove pa ang ating mga sarili sa mga darating na panahon," dagdag pa ng punong lungsod.

Sa taong ito, isa ang Region IV-A CALABARZON sa nangungunang limang (5) rehiyon na may pinakamataas na bilang ng mga SGLG Awardees. Sa Lalawigan ng Laguna lamang, apat (4) na lungsod, kabilang ang Calamba at tatlong (3) bayan bukod pa sa mismong lalawigan ng Laguna na Hall of Fame Awardee na, ang tumanggap ng pagkilala.

Tinanggap nina Mayor Timmy ang parangal buhat kina Senator Juan Edgardo "Sonny" Angara, Congressman Jose Enrique Garcia III ng ikalawang distrito ng Bataan, DILG Secretary Eduardo Año at DILG Region IV-A Director Manuel Gotis.

*(Noemi E. Talatala)*

# WINNERS TAKBO TAKBO MAY MULTO WINNERS



**1K**

***First Prize:*** Mark Julius Bertonel
***Second Prize:*** Orlan G. Muhi (Barretto National High School)
***Third Prize:*** Mark Louie Paumboy (Barretto Nat. H. School)



**2K**

***First Prize:*** Ronnel Hernandez (Brgy. Punta)
***Second Prize:*** Christian Delos Santos
***Third Prize:*** Jhon Paul Rabina (Kapayapaan IS - Canlubang)



**3K**

***First Prize:*** Jose Jun Jamco (Brgy. Halang)
***Second Prize:*** Rjay Flores (Brgy. Punta)
***Third Prize:*** Daniel Banalo (Brgy. Halang)



**OLDEST MALE RUNNER**
*Forferio Pueblo*



**OLDEST FEMALE RUNNER**
*Virginia Sapin*




**MAYORS CHOICE AWARD**
*Liam Airam De Juan*



**PWD RUNNER**
*Cyrus Galleto*



**BEST IN MAKE-UP**
*Luisito Alviar*




# TAKBO TAKBO MAY MULTO

Bilang paggunita sa Undas o All Saints' Day, inilunsad ang kauna-unahang Horror Run 2018 na may temang "Takbo! Takbo! May Multo!" A run for a Cause noong 27 Oktubre 2018 sa City Plaza. Ito ay hango sa malawak na kaisipan ni SK Councilor Alpha Amor Opulencia ng Barangay V at sinuportahan ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba sa pamamagitan ng Sangguniang Kabataan Federation sa pangunguna ni Kon. Kenneth P. Delas Llagas, at mga tanggapan ng Cultural Affairs, Tourism and Sports Development, at Cooperatives and Livelihood Development. Dinaluhan ito ng higit 600 runners mula sa ibat-ibang sektor (Kabataan, Senior Citizens, Public and Private Institutions, LGBTQ at PWD) na naka pang Halloween costume. May tatlong kategorya ang nasabing Horror Run, 1k, 2k, at 3k at tatlong special awards: Oldest Runner, Best in Make-up at Mayor's Choice Award.

Dinisenyo ang nasabing Horror Run para sa kabataan ng Barangay V upang makalikom ng sapat na pondo sa pagsisimula ng kanilang itatatag na Youth Cooperative project sa kanilang barangay. Layon nito na magtatag ng mas makabuluhang programang pangkabuhayan para sa kapakanan ng bawat kabataan sa kanilang nasasakupan. Nilalayon din nito na maging bahagi ng pagpapalakas ng turismo sa ating lungsod. Ipinarating naman ng ating Punong Lungsod Justin Marc "Timmy" Chipeco ang kanyang pagsuporta sa proyekto at sinabing isang magandang simulain ito upang maging bahagi ng taunang programa ng lungsod.

Pagkatapos ng Horror Run, isinunod naman ang isang Halloween Party kung saan nasaksihan ang mga ipinagmamalaking talento ng mga kabataan upang mas lalong tangkilikin ang sariling atin tulad ng local bands mula sa ibat-ibang Youth Organizations. Nagpainit at nagpatindi rin ng kasiyahan ang mga nagkampiyon sa Youth Got Talent Seasons 1, 2, 3 ng sumabak sila sa entablado. Lubos ang kasiyahan higit ng mga kabataan nang matapos ang sayawan. *(Rocky Lita/ Vir Tanciangco)*



# UNDAS, PAYAPANG NAIDAOS OPLAN KALULUWA 2018

Matiwasay na naidaos ang Oplan Kaluluwa 2018 sa pangunguna ng Public Order and Safety Office, na Pinamumunuan ni G. Jeffrey S. Rodriguez, n may temang "Paggunita sa mga Namayapa, Gawing Ligtas, Mapayapa at Maayos."

Walang naitalang kaguluhan na naganap noong Nobyembre 1, 2018 sa Calamba, kabilang na sa Brgy. Lecheria, Bañadero at Barandal. Bagaman may mga insidente ng pagkahilo dahil na rin sa matinding init ng panahon, ito ay mabilis na natugunan dahil sa aktibong partisipasyon ng mga Government Agencies at mga Non-government agencies na nakatalaga sa ibat-ibang lugar.

Bagaman ang okasyon ay iisang araw lamang, ito ay matagal na pinaghandaan upang masiguro ang kaligtasan ng mga mamamayan ng Calamba na bibisita sa mga yumaong mahal sa buhay, at mapanatili ang kaayusan ng mga kakalsadahan.

Nagtalaga ang POSO ng siyamnapung (90) personnel sa ibat-ibang lugar sa Brgy. Lecheria at Bañadero upang mapanatili ang kaayusan sa lugar, at siyamnaput anim (96) na special detail na Traffic Enforcers upang panatilihin na maluwag ang mga kalsada sa panahon ng Undas.

Nagpapasalamat ang POSO sa mga Government Agencies na tumulong na maikatuparan ang Oplan Kaluluwa kabilang na ang Mayor's Office, Vice-Mayor's Office, PNP, BFP, GSO, CESO, CSSYDO, City Health Office, CENRO, LDRRMO, Calamba Water District, LTMO, Reservists, mga Barangay Officials ng Uno, Tres, Lecheria, Halang, Bañadero, Barandal, mga NGOs kabilang ang Rizal Com, Tau Gamma Phi, Marshal Support Group, Tropa, KBNET Malaya, BGI – VCBI, GIIFSI, Tabakk, Delta Com, BB Caralde, Kabalikat Civicom, Bagwis, Police Hotline, VMO SRT, MCVA, Primo, BB Calma, Kabayan, Kabalikat Charity, at PA 403rd CDC. *(Topher Nemes)*

# Pride of Calamba




## RUBICO FAMILY

### BRGY. PACIANO RIZAL

***WINNER***

**SPECIAL CITATION FOR YOUTH EMPOWERMENT**
**8TH JOLLIBEE FAMILY VALUES AWARD**

# CULTURAL MAPPING PROJECT

***LINKING WITH THE PAST FOR A MORE MEANINGFUL FUTURE***

In its desire to create a cultural resource that will define Calambenos as a people and to serve as bases for development programs, the City Government of Calamba, through the Cultural Affairs, Tourism and Sports Development Department has started a Cultural Mapping Project under the guidance of the National Commission for Culture and the Arts.

Over 70 participants from the Calamba Cultural Heritage and Historical Society, the Colegio de San Juan de Letran, DepEd Calamba, University of Perpetual Help, Health Workers from the different barangays and staff of the CATSSD attended the 5-day seminar facilitated by Rev. Fr. Harold Rentoria, Mr. Raymond Marcaida and Mr. Prince John Katumber.

The mappers will go to the different barangays to interview people, take pictures and document tangible and intangible cultural and historical resources. Expected to be a year long program, the Local Mapping team is headed by CATSSD Head, Ms. Larissa P. Malinao, with Ms. Net S. Estrada, Community Affairs Officer IV as Lead Mapper. *(Larissa Malinao)*



# PANGISDAAN NG LUNGSOD NG CALAMBA PATULOY ANG PAKIKIPAG-UGNAYAN SA JAPAN AT INDONESIA



Ang delegasyon ng Lungsod ng Calamba kasama si Dr. Ryohei Kada (ikalawa mula sa kaliwa,unang hanay) at ibang pang mga researchers nang opisyal na inilunsad and M.A.T.H. booklet sa Kyoto, Japan noong nakaraang Marso 19-23, 2018

Tunay na naging katangi-tangi ang taong 2018 sa sektor ng pangisdaan ng lungsod ng Calamba, sapagkat sa taong ito ay naging bahagi ang pangisdaan ng Calamba di lamang ng lokal ngunit maging ng internasyonal na komunidad. Patunay nito ang dalawang International Conference na ginanap una sa Kyoto, Japan at kasunod sa Lampung, Indonesia.

Noong nakaraang Marso 19-23, 2018, ay nagtungo ang delegasyon ng Calamba upang dumalo ng "International Workshop for Sustainable Resource Management" sa Kyoto , Japan. Dito ay opisyal na inilunsad ang M.A.T.H. ( Mentor the Future Generation, Access Partnership, Technology and Information Dissemination, Home and Gamily-Based Approach)booklet na isinulat nila Dr. Ryohei Kada, Dr. Robert Rañola, Mr. Dalton Erick Baltazar, and Ms. Cynthia Buen, mula sa City Agricultural Services Department (CASD). Ang nasabing M.A.T.H. booklet ay isinulat gamit ang wikang Filipino, na naglalayong ipabatid sa mga Calambeño ang ukol sa kahalagahan at pangangalaga sa Lawa ng Laguna. Isang stratehiyang tinalakay sa booklet ang pagbuo ng Yankaw Fish Garden Sanctuary, isang sanktuwaryong itinayo gamit ng mga sanga ng mga puno ng camachile at sampaloc.

Ang delegasyon ng Calamba papuntang Japan ay pinangunahan ni Kgg. Charisse Anne Hernandez (Chairman, Committee on Agriculture), Mr. Eufrocino Guerrero (City Agriculturist), Ms. Noemi Talatala (Department Head, City Information, Investment, Promotions, and Employment Services Office), Ms. Tessa Mar Espino (Supervising Agriculturist), Ms. Cynthia Buen (Aquaculturist), at Ms. Cyndy Buen (Student, City Science High School).

Samantala nito lamang Setyembre ay nakilahok muli ang Lungsod ng Calamba sa "Community Oriented and Watershed-based Approach for Harmonizing Environmental Conservation and Regional Economy" na ginanap sa Lampung, Indonesia noong Setyembre 17-21, 2018. Naging highlight ng internasyonal na workshop na ito ang pagbabahagi ng mga kaalaman at karanasan ng mg kalahok mula sa Japan, Indonesia at ng lungsod ng Calamba sa Pilipinas.

Ang delegasyon naman ng Calamba patungong Indonesia ay binuo ng mga mangingisda sa lungsod ng Calamba na sina Bienvenido Galang, Nexer Talatala, at Danilo Miranda. Kasama rin mula naman sa CASD sina Ms. Tessa Mar Espino, Ms. Cynthia Buen, at Ms. Julie Lubay.

Ang mga nabanggit na mga international workshops ay dahil sa masigasig na pamumuno ni Mayor Justin Marc Chipeco, matibay na suporta ng Sangguniang Panlungsod sa pamumuno ni Vice Mayor Rosseller H. Rizal, at sa epektibong pakikipagugnayan ng City Agriculturist Eufrocino J.Guerrero sa grupo ng mga siyentista at propesor na pinangunahan ni Dr. Ryohei Kada ng Kyoto, Japan.

Hangad ng Pamahalaang Panlungsod na sa pamamagitan ng pakikipagugnayan ng City Agricultural Services Department sa iba't ibang ahensya, institusyon at grupo ay lalo pang mapasigla ang sektor ng pangisdaan ng Calamba, at lalo't higit ay maibalik ang sigla ng Lawa ng Laguna. *(Tessa Mar Espino)*




Ang delegasyon ng Lungsod na Calamba sa Lampung, Indonesia na binuo ng mga empleyado ng CASD kasama ang tatlong mangingisda na sina (mula sa kanan) G. Danilo Miranda, G. Bienvenido Galang at G. Nexer Talatala, na nakilahok sa international conference noong Setyembre 17-21, 2018.

# AGRICULTURE AND FISHERY WEEK, IKALIMANG TAON NA!




Nitong nakaraang Oktubre 15-19, 2018, ginanap ang ikalimang Agriculture and Fishery Week (AFW) na may temang "Sa Makabuluhang Pagsasama-sama, Agrikultura sa Calamba ay may Pag-asa". Ang AFW ay bahagi ng regular na programa ng Pamahalaang Panlungsod ng Calamba na ipinatutupad sa pamamagitan ng City Agricultural Services Department (CASD) na pinamumunuan ni G. Eufrocino J. Guerrero.

Sinimulan ang AFW sa pamamagitan ng "turnover" ng Combine Harvester mula sa Pamahalaang Lungsod na ipinagkaloob naman sa Calamba Rice Growers' Multi-Purpose Cooperative. Ang pagkakaloob ng nasabing makinarya ay sa pamumuno ni Mayor Justin Marc "Timmy" SB. Chipeco kasama sina Vice Mayor Roseller "Ross" Rizal, Konsehal Charisse Anne "Cha"Hernandez (Chairman, Committee on Agriculture) kasama ang iba pang mga konsehal.

Kasabay nito ay isinagawa din ang PINAKA contest na naglalayong mabigyan ng parangal ang aning gulay at prutas, huling isda at alagang hayop na natatangi pagdating sa bigat, laki at kabuuang kalidad nito.

Sa unang araw din ay pinasinayaan ang pagbubukas ng AgriNegoSHOW, isang programang palagiang bahagi ng AFW na nagbibigay pagkakataon sa mga agri-based na samahan at indibidwal upang ipakilala at ipagbili ang kanilang mga produkto.

Ginanap naman ang awareness campaign ukol sa Yaman ng Lawa noong Oktubre 16. Tinalakay sa seminar ang kahalagahan at pangangalaga sa Lawa ng Laguna. Dagdag pa dito ay tinalakay din ang Yankaw Fish Garden Sanctuary, isang matagumpay na proyektong pangkonserbasyon na naglalayon maparami ang isda sa lawa ng Laguna. Dumalo sa seminar ang mga kagawad sa agrikultura at mga lider na mangingisda mula sa sampung (10) baybaying barangay ng Lungsod ng Calamba.

Isinagawa naman sa pangatlong araw ng AFW ang CAFCiglahan, isang gawain ng pagbibigay kasiyahan at pagpapalakas sa samahan ng mga lider na mangingisda (City Aquatic Resources and Management Council), magsasaka (City Agricultural and Fisheries Council), at ang mga kababaihan (Rural Improvement Council) at kabataang (4-H Club) bahagi ng sektor ng agrikultura.

Sa ika-apat na araw ng AFW, Oktubre 18, ay ginanap ang oryentasyon sa Halal Food Industry Development, kung saan dumalo ang mga miyembro ng CAFC. Pagbibigay ito ng kaalaman sa mga magsasaka ukol sa pamantayan ng Halal na makakatulong upang tumugon sa pangangailangan ng ating mga kababayang Muslim.

Bilang pagtatapos ng AFW ay ginanap ang Gawad Saka 2018 noong Oktubre 18 sa Ground Floor Lobby ng City Hall ng Calamba. Sa programang ito ay binigyang pagpapahalaga at parangal ang mga natatanging magsasaka, mangingisda, urban practitioners, grupo, na nagpamalas at nagbigay ng katangi-tanging kontribusyon sa agrikultura at pangisdaan. May kabuuang Php 400,000 ang halagang inilaan ng Pamahalaang Panlungsod bilang gantimpalang salapi sa lahat ng pinarangalan sa Gawad Saka. Ang mga sumusunod ang mga binigyang parangal sa naganap na Gawad Saka ngayong taon.

**GULAYAN SA KABAYANAN**

| CATEGORY | | WINNER |
|---|---|---|
| INDIVIDUAL GARDEN (CONTAINER) | | REYNALDO G. VALENCIA |
| | | |
| INDIVIDUAL PLOT | 1st Place | RUBEN G. RUBION JR. |
| | 2nd Place | JULIA N. BLANCO |
| | 3rd Place | RAMON REYES |
| | | |
| COMMUNITY CONTAINER | 1st Place | BRGY. SAN CRISTOBAL/ADHIKA |
| | 2nd Place | BJMP (FEMALE DORM) |
| | 3rd Place | BJMP (DOTS) INFIRMARY |
| | | |
| COMMUNITY PLOT | 1st Place | BAGONG KALSADA |
| | 2nd Place | MAKILING |
| | 3rd Place | SAN CRISTOBAL |
| SCHOOL CONTAINER | 1st Place | JOSE RIZAL MEMORIAL SCHOOL |
| | 2nd Place | E. BARETTO ELEMENTARY SCHOOL |
| | 3rd Place | MAJADA-OUT ELEMENTARY SCHOOL |
| SCHOOL PLOT | 1st Place | MAYAPA POST ELEMENTARY SCHOOL |
| | 2nd Place | BUCAL ELEMENTARY SCHOOL |
| | 3rd Place | CANLUBANG ELEMENTARY SCHOOL |
| HALL OF FAME AWARDEE (SCHOOL CONTAINER AWARDEE | | CALAMBA ELEMENTARY SCHOL |

**OUTSTANDING FARMER OF THE YEAR**

| CATEGORY | WINNER | BARANGAY |
|---|---|---|
| OUTSTANDING HVCC FARMER | DELIA C. DEJAN | BUNGGO |
| OUTSTANDING CORN FARMER | FRILYN A. MAGPANTAY | KAY-ANLOG |
| OUTSTANDING LIVESTOCK BASED FARMER | MICHAEL L. MARUDO | HORNALAN |
| OUTSTANDING YOUNG FARMER | JHOMEL P. MARUDO | HORNALAN |
| OUTSTANDING FARM FAMILY | CENON L. JAVIER | KAY-ANLOG |
| OUTSTANDING 4-H CLUB | BAGONG KABATAAN 4H CLUB | BAGONG KALSADA |
| OUTSTANDING RURAL IMPROVEMENT CLUB (RIC) | KAY ANLOG RIC | IRMA E. JAVIER |
| OUTSTANDING BAFC CHAIRMAN | EPIFANIO S. RAMOS | MAPAGONG |
| OUTSTANDING BFARMC | CESAR M. ROLDAN | MASILI |
| OUTSTANDING BANTAY LAWA VOLUNTEER | DANILO D. MIRANDA | PALINGON |
| OUTSTANDING FISHERFOLK (FISH CULTURE) | BIENVENIDO D. GALANG | SUCOL |
| OUTSTANDING FISHERFOLK (FISH CAPTURE) | ELMER J. DATAY JR. | LINGGA |

Tunay na naging makabuluhan pagdaraos ng ang ika-5 Agriculture and Fishery Week 2018 sa pagkamit nito ng layunin na mabigyang halaga at lalo pang mapasigla ang sektor ng agrikultura at pangisdaan sa lungsod ng Calamba. *(Tessa Mar Espino)*

# MAGSASAKA, ALAGA SA CALAMBA

Mahigit sa isang libong magsasaka mula sa iba't ibang barangay ng Calamba ang nakatanggap ng abono (urea at complete) na ipinamahagi ng Pamahalaang Lungsod ng Calamba nitong Oktubre 29, 2018 sa the Jose Rizal Plaza compound. Ang nasabing pamamahagi ay isa sa mga regular na programa ni Mayor Justin Marc SB. Chipeco kasama sina Vice Mayor Roseller Rizal, Konsehala Charisse Anne Hernandez, katulong ang iba pang mga konsehal. Ang programang ito ay ipinatutupad ng Pamahalaang Lungsod sa pamamagitan ng City Agricultural Services Department na pinamumunuan naman ni G. Eufrocino J. Guerrero. *(Tessa Mar Espino)*



# PAGBUBUKAS NG CALAMBUHAYAN EXHIBIT, KAKAIBA




Kakaiba ang naganap na pagbubukas ng Calambuhayan Exhibit noong 12 Nobyembre 2018 sa pangunguna ng Sectoral Affairs Division ng Tanggapan Punong Lungsod sa pamumuno ni Ms. Millet Revano, Division Chief, sa pakikipag ugnayan sa Mapua University na siyang nagpakilala sa proyektong "Waste to Ways" sa Calamba City Hall Lobby. Dinaluhan ito ng ibat-ibang kumpanya mula sa LISPII at Carmelray, Academe, Department of Trade & Industry (DTI), at mga mag-aaral mula sa iba't ibang unibersidad ng lungsod. Layunin nito na mapakinabangan ang mga kalakal mula sa basura. Makikita sa exhibit ang mga finished products gaya ng mga upuan, bag, flower vase, mirror frame at iba pa na di aakalain na gawa mula sa basura.

Sinimulan ito sa pamamagitan ng ribbon cutting na pinangunahan nina Konsehala Charisse Anne "Cha" Hernandez at Konsehal Juan "Johnny" Lazaro. Nagbigay naman ng opening remarks si Ms Millet Revano. Aniya, "Ang Calambuhayan ay nagmula sa salitang kalam at kabuhayan. Kumakalam ang tiyan dahil walang pinagkakakitaan ang ibang kababayan lalong higit ang mga kababaihan sa tahanan kung kaya kailangan ang kabuhayan". Ang konsepto ng proyekto ay pinag-aralan at inaprubahan ni Ma'am Laverne Chipeco, maybahay ng ating Punong Lungsod Justin Marc "Timmy" Chipeco, dahil nakita nito ang potensyal na pagkakakitaan mula sa basura. Ayon pa kay Ms. Revano, handa umano ang pamunuan ng Mapua University at mga piling mag aaral na magturo sa bawat barangay para sa proyekto.

Nagbigay naman ng project overview si Mr. Joey Mosqueda, Program Officer ng Sectoral Affairs tungkol sa proyekto at sinundan ng pagbibigay mensahe mula sa mga kinatawan ng Carmelray, Mr. Ricky Osmund, LISP II President, at Mapua University. Nagbigay naman ng kanilang mensahe sina City Councilor Cha Hernandez at Zero Waste Campaigner, Mr. Dante Alejandre. Bago magtapos, binigyan sila ng plake ng pagkilala dahil sa kanilang pakikiisa at pakikipagtulungan sa naturang proyekto. Si Ms. Larissa Malinao ang nagbigay ng closing remarks. *(Joel Cabactulan/Cecil Canillas)*

# CALAMBA CITY SCIENCE HIGHSCHOOL WINS REGIONAL COOPERATIVE QUIZ BEE

As a way of fostering the inclination and awareness of young generation in cooperative development, the City Government of Calamba through the Cooperatives and Livelihood Development Department (CLDD) actively pushed for the continuous conduct of the annual Cooperative Quiz Bee. This year's target are the Grade 10 students from Various Schools who battled for the City title then represented the District for the Provincial Cooperative Quiz Bee.

The winners of this year's Coop Quiz Bee as facilitated by CLDD are Mary Jane Hazareno, Janssen Howard Mendez, and Steve Francis Mamalayan from Calamba City Science High School, followed by Hazel M. Limbo, Mc Reyvin Natividad and Mark Jake Natividad from Bunggo National High School and the St John Colleges represented by John Noel M. Macorol, Sabian Kahne T. Merilles and Joshua Eric L. Forcadela. Various schools participated on the Coop Quiz Bee last October 4 at the Mercado de Calamba Training Center as partnered with DEPED school division who supported this advocacy and education initiative.

The Calamba City Science Highschool then battled for the Provincial Level Competition last October 25, at the Provincial Capitol, Sta. Cruz, Laguna where Steve Francis Mamalayan was the Runner Up and Mary Jane Hazareno won as the Quiz Bee Champ who will represent the Laguna Province for the Regional Level Quiz Bee.

And on the latest development on Cooperative Quiz Bee adoption in the regional level, Mary Jane Hazareno never failed to give pride to the City of Calamba as she won the title of Regional Quiz Bee Champion. She clashed against Batangas, Marinduque, Palawan, Romblon, Laguna, Quezon, Mindoro Oriental, Mindoro Occidental, and Rizal representatives and the Calamba City Science Highschool topped them all. This was held at Sta Rosa City last November 10 during the Regional Cooperative Show of Force Activity. The CLDD congratulates the Calamba City Science Highschool for engaging and actively participating with cooperativism apart from giving pride to the City of Calamba. (*Archie Manjares*)

# CALAMBA CITY COOPERATIVES AND LIVELIHOOD DEVELOPMENT DEPARTMENT RECOGNIZED ON THE LEAGUE OF CHAMPIONS AT STAREGIONAL AWARDS 2018

As part of the Regional Cooperative Month Celebration, Cooperative Development Authority in cooperation with Southern Tagalog Regional Cooperative Development Council (STARCDC), League of Cooperative Development Officers of the Philippines (LCDOP) and Southern Tagalog Union of Cooperatives (STUC) launched the STaRegional Awards 2018. The said Southern Tagalog Cooperative Month Celebration was held at City of Sta Rosa Multipurpose Complex, Sta Rosa City, Laguna last November 10 with over a thousand participants coming from Region IV with partaking of Senators Cynthia Villar and Nancy Binay.

The STaRegional Awards aims to give recognition to the local government units, partner organizations and cooperative leaders for exemplary performance on the development of the cooperative sector in Southern Tagalog. Thus, the City of Calamba thru the Cooperatives and Livelihood Development Department was given recognition as Local Cooperative Development Program Champion for adopting cooperative and livelihood development program and interventions, organizing the Young Entrepreneurs Society – laboratory cooperative and the Calambanga Federation of Multi-Purpose Cooperatives and mobilizing the entire local government unit and other line agencies to address the economic and entrepreneurial advancement of cooperatives and the community, hence the CLDD is included in the Roster of League of Champions. The CLDD is also the First City Office to be elevated to the HALL of FAME Rank by the CDA GAWAD PARANGAL as Best Performing LGU-Cooperative Office, Component City in 2017 by retaining the title for three (3) consecutive years. (*Archie Manjares*)

# CALAMBA CITY BARES ACTIVITY FOR THE 2018 COOPERATIVE MONTH CELEBRATION

The City Government of Calamba thru the Cooperatives and Livelihood Development Department (CLDD) conducted various activities in celebration of the Cooperative Month last October. This year's celebration is geared towards the theme "COOPERATIVES: Partners for building resilient and empowered communities towards a better and stronger Philippines". The month-long celebration was conducted annually to recognize best performing cooperatives and the sector's contribution to the economy and also to primarily raise coop awareness to each Calambeno.

Kick-off events include Cooperative Summit which took place at SM City Calamba last October 1-4, 2018. The Cooperative Summit has showcased various local cooperatives and entrepreneurs with their flagship products. To drumbeat the celebration, the CLDD prepared livelihood programs during the conduct of exhibit, to name such, Candle Making Activity, Meat Processing and Salted Egg Production, Cactus and Succulents: Care and Propagation, Cleaning Agents Production and Pastry and Sweets Production with seminars like Calambenos as an Entrepreneur. The inaugural was also graced by Vice Mayor Ross Rizal together with the CDA Director Salvador Valeroso.

Meanwhile, there were simultaneous activities at the Calamba City Hall for the Opening week of the Cooperative Summit. The CLDD invited Micro, Small and Medium Enterprise/ Entreps and Barangay officials last October 2 & 3 for the Launching of City Livelihood Development Fund (CLDF), a soft loan assistance offered to eligible businesses at a lower prevailing interest rate. Topics include Entrepreneurship and Business Planning seminar for MSMEs, Laboratory Co-op Formation and CLDD Programs and Projects for Sangguniang Brgy. and SK Officials.

Additionally, the Cooperative Quiz Bee was concluded last October 4 at the Mercado Training Center, where over 20 participating schools represented by their Grade 10 students competed for the title. The Quiz Bee circles on the RA 9520 where the Calamba City Science Highshool was hailed as the Champ, followed by the Bunggo National Highschool and Saint John Colleges.

The opening week also marks the launching of the KooPalakasan; an inter-cooperative volleyball tournament with two categories –men and women's which aims to promote camaraderie among cooperatives. It happened October 5 at the Real Basketball court with following games held at the Halang Elementary School.

The subsequent week's celebration was conducted at the Calamba City Grounds where over 90 local cooperatives and entrepreneurs exhibits their respective products. The City Hall Ground Floor Lobby and Promenade (Fountain Area) served as their market grounds for the said Trade Fair.

Furthermore, A Sweet and Salty Experience; a cooking contest open to all barangays within Calamba represented by their best cooks battled for a Sweet and Salty Recipe was conducted last October 26. Barangay Halang won the title with the Sweet Kalabasa Balls Recipe as prepared by Analyn Marabillo and Loriedel Lanario, followed by Brgy Canlubang as represented by Mercy Celestino and Marisa Celestino with the Squash Halaya & Jam and the third placer, Brgy Majada with the Kalabasa Malunggay balls recipe.

Also, the CLDD Launched a two-part free registration Fun Run Activities: Cooperative Fun Run 2018, a run for Cooperative Awareness with 6-, 4- and 2-Kilometers distance held at the JP Rizal Plaza last October 27, at 4:00 oclock in the morning. It includes informative videos about the CLDD programs and projects plus CLDF Re launching and other Fun Run Routines like warm up exercises and Run Proper. It has been participated by almost 400 runners with the respective winners as follow: 6K winners; Men's Category -1st placer: Anthony Berces, 2nd placer: Eugene Postrado, 3rd placer: Daniel Banalo, Women's Category -1st placer: Maria Cristina Ticzon, 2nd placer: Rose Mary Alad-Ad, 3rd placer: Chloe Kate Oera, 4K winners; Men's Category -1st placer: Jose Jun Jamco, 2nd placer: Christian Delos Santos, 3rd placer: Jan Louie Carreon, Women's Category -1st placer: Kate Gavina, 2nd placer: Jaysen Jane Onias, 3rd placer: Julieta Zapanta, 2K winners; Men's Category -1st placer: Orlan Muhi, 2nd placer: Julieta P. Abo, 3rd placer: Margie E. Betito, Women's Category -1st placer: Julieta P. Abo, 2nd placer: Margie E. Betito, 3rd placer: Rosemarie C. Curso. Special prizes was also awarded to the Calambanga Vendors Marketing Cooperative for the Biggest Delegation, Edizon Ticson for the Early Bird Award, Angelica Simoy for the Youngest Runner and Anselmo Medina for the Oldest Runner.

The second part of the Fun Run, which happened the sundown of the same day was entitled: Takbo, Takbo may Multo! A Horror Run for a cause with Halloween Party in cooperation with the Sangguniang Kabataan Federation and the Cultural Affairs, Tourism and Sports Development Department. The first Fun Run in Calamba where all runners are dressed in their best Halloween costume with 1-, 2- and 3-kilometer distance held within the Poblacion and assembly at the City Plaza. The activity was proposed by SK Councilor of Brgy Cinco, Alpha Amor Opulencia which aimed to raise donation for the first ever Youth Producers Cooperative Lab piloted at Brgy Cinco, Calamba City.

The remaining activities of the event are: Tumindig at Sumayaw ng Bongga, Cooperatiba! - Dance Contest for Coops scheduled on November 22 and the Culmination Rites and Awarding of the Natatanging Coop and Cooperators within Calamba City; It is the recognition of Outstanding Coops, Coop Leaders and Partners for their exemplary performance and contribution to the cooperative movement within the City.

This year, the Cooperatives have improved performance of the sector in the economic development of the country. It has been noted by the Department of Trade and Industry that micro, small and medium enterprises including co-ops compose more than ninety percent of the sector contributing to the economic growth of the Philippines. Thus, Let the celebration be a symbol of empowered cooperative movement responding to the needs of communities. (*Archie Manjares*)



Kick Off Ceremony & Opening of the Exhibit at SM Calamba Mall Atrium last October 1, 1pm

City of Calamba

# DIRECTORY 545-6789

OFFICE | LOCAL NO.

**MAYORS OFFICE 8307 / 8306**

545-7887 FAX 8305 MO EXT 8225

**OSCA** 576-4963 **SECTORAL** 8213

## ATTY. JUSTIN MARC SB. CHIPECO

CITY MAYOR

## HON. ROSELLER H. RIZAL

CITY VICE MAYOR

**VMO** 8310 **VMO Extension** 8315 **VMO Staff** 8311

| | | | |
|---|---|---|---|
| SANGGUNIANG PANLUNGSOD | 8240 | HON. PEEWEE PEREZ | 8321 |
| HON. EDGARDO CATINDIG | 8322 | HON. ANGELITO LAZARO | 8317 |
| HON. MOISES MORALES | 8318 | HON. DYAN ESPIRIDION | 8324 |
| HON. SATURNINO LAJARA | 8319 | HON. JOHNNY LAZARO | 8320 |
| HON. MARIA VIRGINIA ALCASID | 8325 | HON. SANTIAGO ATIENZA | 8323 |
| HON. CHARISSE ANNE HERNANDEZ | 8326 | HON. LARRY DIMAYUGA | 8316 |

**ACCOUNTING** 8202 / 8203 / 8204
**ADMIN** 8303
**AGRI** 8001 / 8002
**ASSESSOR** 8107 / 8108 / 8109
**BPTFO** 8100 / 8101 / 8102 / 8104
**BUDGET** 8205 / 8206
**BUILDING** 8030 / 8031
**CENRO** 8217 / 8218
**COOP** 8018 / 8019
**CPDO** 8208 / 8209 / 8210
**CSSD** (DSWD) 8226 / 8120
**ENGINEERING** 8211 / 8212 / 8214
**GSO** 8008 / 8007 / 8006/8207/8200
**HEALTH** 8015 / 8016
**HOUSING** 8020 / 8021
**HRMO** 8219 / 8220
**IIPESO** 8011 / 8012 / 8014
**ICT** 8005
**LEGAL** 8221 / 8222

**POPULATION** 8329
**POSO** 8024 /8025/ 8026
**REGISTRY** 8115 / 8116 / 8117
**TOURISM** 8331 / 8332
**TREASURY** 8110 / 8111 / 8112 / 8114
**VET** 8003 / 8004

**PNP** 8702 / 8700 / 8701
**BFP** 8601 / 8600
**CCC** (049) 545-0160/545-0555/502-0677
**CMDC** 306-0112 / 545-4384
**COA** 8215 / 8216
**COMELEC** 8017
**DepEd** 545-7331 / 545-5797 / 502-2520
**DILG** 8223 / 8224
**LANDBANK** 545-0177
545-0176 (CASHCARD)
**WATER DISTRICT**
545-1614 / 545-2863 / 545-2728 / 545-7895

kalan+banga ©denCepeda


# CALAMBALITA

## EDITORIAL BOARD

**NOEMI E. TALATALA**
*Editor - In - Chief*

**CECIL H. CANILLAS**
*Associate Editor*

**MARIVIC D. BALBA**
*Features Editor*

**MOISES ALCASABAS**
*Managing Editor*

*Staff Writers:*
**RETCHIE PELIPADA, ANALIZA CERVANTES, JOJO BUSAYONG, JOEL CABACTULAN INFORMATION OFFICER NETWORK**

**RIZZA JANE L. JUMARANG**
*Lay-out Artist*

**RIKATHRINA "Kat" C. LANZANAS**
*Graphics Designer*

**MONTE OPULENCIA / DENNIS CEPEDA**
*Photographer*


https://www.facebook.com/attyjustinmarcsbchipeco/




https://www.facebook.com/calambalita




https://www.facebook.com/iipeso.calamba




https://www.facebook.com/Ccciolipeso/




https://www.facebook.com/kalanbangaDEN/







